

# Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke—Update sa 2025: Isang Ulat sa Data sa US at sa Buong Mundo Mula sa American Heart Association

## Ano'ng Bago Ngayong Taon?

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.



American  
Heart  
Association.

# Mga Nilalaman ng Presentasyong ito

Mga Kabanata sa Update sa Istatistika para sa 2025	Slide 3
Ano'ng Bago	Slide 4
Mga Pinagkunan ng Data	Slide 5
Mga Pangunahing Highlight	Slide 6-11
Mga Karagdagang Resource	Slide 12



# Mga Kabanata sa Update sa Istatistika para sa 2025

## *Buod*

1. Tungkol sa Mga Istatistikang Ito
2. Cardiovascular Health

## *Mga Gawi sa Kalusugan*

3. Paninigarilyo/Pananabako
4. Kawalan ng Pisikal na Aktibidad
5. Nutrisyon
6. Labis na Timbang at Obesity

## *Mga Salik ng Kalusugan at Iba Pang Salik ng Panganib*

7. Mataas na Cholesterol sa Dugo at Iba Pang Lipid
8. Mataas na Presyon ng Dugo
9. Diabetes Mellitus
10. Metabolic Syndrome
11. Mga Hindi Kaaya-ayang Resulta ng Pagbubuntis
12. Sakit sa Bato
13. Pagtulog

## *Mga Cardiovascular Condition/Disease*

14. Kabuuang Mga Cardiovascular Disease
15. Stroke (Mga Cerebrovascular Disease)
16. Kalusugan ng Utak
17. Mga Congenital Cardiovascular Defect at Kawasaki Disease

18. Mga Disorder sa Ritmo ng Puso
19. Biglaang Cardiac Arrest, Mga Ventricular Arrhythmia, at Mga Namamanang Channelopathy
20. Subclinical Atherosclerosis
21. Coronary Heart Disease, Acute Coronary Syndrome, at Angina Pectoris
22. Cardiomyopathy at Pagpalya ng Puso
23. Mga Sakit sa Valve
24. Venous Thromboembolism (Trombosis sa Deep Vein at Embolismo sa Baga), Chronic Venous Insufficiency, Pulmonary Hypertension
25. Peripheral Artery Disease at Mga Aortic Disease

## *Mga Resulta*

26. Kalidad ng Pangangalaga
27. Mga Medikal na Procedure
28. Ekonomikong Gastos ng Cardiovascular Disease

## *Mga Karagdagang Materyal*

29. Mga Talahanayang Buod ng Sa Isang Sulyap
30. Glossary



# Ano'ng Bago?

Patuloy na hina-highlight ng Update sa Mga Istatistika para sa 2025 ang mga sumusunod:

- Ang pinakabagong data sa US at sa buong mundo mula sa iba't ibang survey, data set, at repository, at mga na-publish na pag-aaral at artikulo.
- Isang toolkit para sa mga AHA staff at volunteer na naglalaman ng:
  - Mga factsheet at buod na dokumentong naglalaman ng mga pangunahing istatistika ayon sa lahi at etnisidad, edad, at kasarian
    - Nakasalin ang mga factsheet sa Arabic, Chinese (traditional at simplified), Korean, Vietnamese, Spanish, at Tagalog.
  - Mga Fact Sheet ng pandaigdigang at panrehiyong cardiovascular disease (CVD)

# Mga Pinagkunan ng Data sa Bansa at sa Buong Mundo (mga pinakabagong data na ginamit para sa Update sa Mga Istatistika para sa 2025)

Mga Survey/Pinagkunan ng Data	Taon*	Uri ng Data
Behavior Risk Factors Surveillance Survey (BFRSS)	2022	Data ng prevalence
Get with the Guidelines (GWTG)	2023	Data ng kalidad sa ospital para sa Afib, CAD, HF, Stroke, Resuscitation
Global Burden of Disease Study (GBD)	2021	Bilang ng pagkamatay sa buong mundo at prevalence ng mga salik ng panganib at sakit
Healthcare Cost and Utilization Project (HCUP)	2021	Mga pag-discharge sa ospital at emergency department
Medical Expenditure Panel Survey (MEPS)	2020-2021	Mga pang-ekonomiyang gastos sa CVD
National Ambulatory Medical Care Survey (NAMCS)	2019	Mga pagbisita sa doktor/ambulatory na pagbisita
National Health and Nutrition Examination Survey (NHANES)	2017-2020	Prevalence ng mga sakit at salik ng panganib
National Health Interview Survey (NHIS)	2022	Data ng prevalence
National Survey on Children's Health	2022	Data ng prevalence (pisikal na aktibidad)
National Survey on Drug Use and Health (NSDUH)	2022	Data ng prevalence (tabako)
National Vital Statistics System (NVSS)	2022	Bilang ng Pagkamatay
World Health Organization Mortality Database	2020	Bilang ng pagkamatay sa buong mundo
Youth Risk Behavior Survey (YRBS)	2021	Data ng prevalence

Ang ibig sabihin ng Afib ay atrial fibrillation; CAD, coronary artery disease; CVD, cardiovascular disease; HF, heart failure; at MI, myocardial infarction.

\*Taon ng pinakakamakailang data na available. Ang ilang paksa ay posibleng gumagamit ng data mula sa mga mas naunang taon na available o ginagamit sa mga naka-publish na pag-aaral. Ginagamit din sa maraming pinagkunan ng data ang data ng trend mula sa mga naunang taon.

Ang bawat kabanata sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke-Update sa 2025 ay may mga bagong text bullet at na-reprint na chart at talahanayan mula sa maraming paglalathala sa 2023 at ilang paglalathala sa unang bahagi ng 2024.

# Mga Pangunahing Highlight\*


- Ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa US na maiuugnay sa CVD, batay sa data ng 2022, ay 224.3 kada 100,000.
- Ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa CVD sa buong mundo, batay sa data ng 2021, ay 235.18 kada 100,000.
- Sa average, may taong namamatay dahil sa CVD kada 34 segundo sa Estados Unidos. Nagkaroon ng 2,580 na pagkamatay dahil sa CVD bawat araw, batay sa data ng 2022.
- Sa average, may taong namamatay dahil sa stroke kada 3 minuto at 11 segundo sa Estados Unidos. Nagkaroon ng 453 pagkamatay dahil sa stroke bawat araw, batay sa data ng 2022.

# Mga Pangunahing Highlight\*

- 122.4 milyon, o 47% ng mga nasa hustong gulang sa US ang may altapresyon, batay sa data ng 2017 hanggang 2020.
- Humigit-kumulang 1 sa 4 (25.3%) na nasa hustong gulang sa US ang naiulat na nagsasagawa ng mga aktibidad na aerobic at pagpapalakas ng kalamnan sa mga libreng oras nila para matugunan ang mga tagubilin sa pisikal na aktibidad, batay sa data ng 2022.
- 1 sa 8 nasa hustong gulang na lalaki at 1 sa 10 nasa hustong gulang na babae sa US ang mga kasalukuyang naninigarilyo, batay sa data ng 2021.
- Sa nakaraang 30 araw, 10.0% ng mga mag-aaral sa high school at 4.6% ng mga mag-aaral sa middle school sa US ang gumamit ng mga e-cigarette, batay sa data ng 2023.
- Noong 2021, 7.25 milyong pagkamatay ang naiugnay sa tabako sa buong mundo.

\*Pakitingnan ang Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke-Update sa 2025 para sa mga pinagkunan ng data at pangunahing impormasyong nakasaad sa dokumentong ito.

## Mga pagkamatay na nauugnay sa mga sakit sa puso, sa Estados Unidos, 1900-2022.



Klasipikasyong ginagamit ng NCHS sa pag-compile sa mga nangungunang dahilan ng pagkamatay. Kasama ang acute rheumatic fever/mga chronic rheumatic heart disease (I00-I09); hypertensive heart disease (I11); hypertensive heart at renal disease (I13); CHD (I20-I25); pulmonary heart disease at mga sakit sa pulmonary circulation (I26-I28); heart failure (I50); at iba pang anyo ng sakit sa puso (I30-I49, I51).


Ang “mga sakit sa puso” ay hindi katumbas ng “kabuuang cardiovascular disease,” na gustong gamitin ng AHA para ilarawan ang mga nangungunang dahilan ng pagkamatay.

Pakitingnan ang Kabanata 14 sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke-Update sa 2025 para sa karagdagang impormasyon at pinagkunan ng data.





## Mga pagkamatay na nauugnay sa cardiovascular disease, Estados Unidos, 1900-2022.




Kasama sa cardiovascular disease ang lahat ng uri ng mga sakit na nakakaapekto sa puso o mga daluyan ng dugo, kabilang ang coronary heart disease, stroke, heart failure, peripheral artery disease, mga sakit sa mga artery, at iba pa (lahat ng natitirang *ICD-10* na kategorya).

Ang CVD ay mga *ICD-10* code I00-I99

Pakitingnan ang Kabanata 14 sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke-Update sa 2025 para sa karagdagang impormasyon at pinagkunan ng data.

## Pagdedetalye ng porsyento ng mga pagkamatay na maiuugnay sa cardiovascular disease, Estados Unidos, 2022



### Porsyento ng Kabuuang Mga Pagkamatay Dahil sa CVD

Kabilang sa coronary heart disease ang *International Classification of Diseases, 10th Revision (ICD-10)* code I20 hanggang I25; stroke, I60 hanggang I69; HF, I50; mataas na presyon ng dugo, I10 hanggang I13 at I15; mga sakit sa mga artery, I70 hanggang I78; at iba pa, lahat ng natitirang kategorya sa *ICD-10*.

Pakitingnan ang Kabanata 14 sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke-Update sa 2025 para sa karagdagang impormasyon at pinagkunan ng data.

## Cardiovascular disease at iba pang pangunahing sanhi ng pagkamatay sa lahat ng lalaki at babaeng nasa hustong gulang sa US, sa 2022.

Sanhi	ICD 10th Revision Code	Kabuuang Mga Pagkamatay sa US, sa 2021
Kabuuang CVD	I00-I99	941652
Mga Istatistika ng Sakit sa Puso	I00-I09,I11,I13,I20-I51	702880
Cancer	C00-C97	608371
COVID-19	U07.1	186552
Mga Aksidente	V01-X59,Y85-Y86	227039
Stroke	I60-I69	165393
Chronic Lower Respiratory Disease	J40-J47	147382
Alzheimer Disease	G30	120122
Lahat ng Iba Pang CVD	natira	73379

Mga pagkamatay sa parehong sex. Hindi kasama sa mga kabuuan ang mga pagkamatay na hindi nabanggit ang edad.

Ang ibig sabihin ng CVD ay cardiovascular disease; at ICD, International Classification of Diseases.

Nauugnay ang talahanayang ito sa Talahanayan 14-2 sa Update sa Mga Istatistika para sa 2025.



# Mga Karagdagang Resource

Ang Office of Science, Medicine and Health ang gumagawa ng mga nauugnay na Fact Sheet. Nakasalin din ang mga fact sheet na ito sa Arabic, Chinese (traditional at simplified), Korean, Vietnamese, Spanish, at Tagalog. Naglalaman ang mga ito ng mga pangunahing istatistika para sa bawat isa sa mga sumusunod at makikita sa [www.heart.org/statistics](http://www.heart.org/statistics) (Website sa Ingles)

---

Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke – Sa Isang Sulyap  
Cardiovascular Health  
Mga Bata at CVD  
Mga Congenital Heart Defect  
Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman  
Mga Matandang American at CVD  
Sex at Lahi at CVD

Maraming istatistika sa Fact Sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumentong ito at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa title page ng presentasyong ito. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa presentasyong ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.